# Tulungan Ang Sino Mang Makatipid Ng Hanggang $3,600 Sa Gastusin Sa De-Resetang Gamot

2008

## Mayroon ka bang kakilalang nangangailangan ng tulong sa gastusin sa reseta?

Ngayon, makakatulong ka na sa iyong mga minamahal na makapag-apply para sa karagdagang tulong sa kanilang gastusin sa Medicare na de-resetang gamot. Sino mang may Medicare ay makakakuha ng panggastos sa Medicare na De-resetang Gamot. May karagdagang tulong para sa mga tao na may limitadong kita o pera/ari-arian. Mababayaran nito ang lahat o halos lahat ng buwanang premium at taunang deductible at pababababain ang mga co-payment ng reseta na may kinalaman sa kanilang plano. Ang karagdagang tulong ay maaaring magkahalaga ng hanggang $3,600 kada taon. Maraming tao na may limitadong kita at pera/ari-arian ang karapat-dapat para sa malaking katipirang ito ay hindi man lang nalalaman ito. Upang malaman kung sino ang karapat-dapat, kailangan malaman ng Social Security ang halaga ng kanilang ipon, mga investment at lupain (maliban sa kanilang tahanan). Kung sila ay may-asawa at magkasamang naninirahan, kakailanganin namin ang impormasyong ito mula sa kanilang dalawa.

Upang maging kwalipikado sa karagdagang tulong, kailangan mayroon silang:

- Kita na limitado sa $15,600 para sa isang tao o $21,000 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan.
- Kung ang kanilang taunang kita ay mas malaki, maaari pa ring makakuha ng konting tulong sa buwanang premium, taunang deductible at kabahaging bayad sa reseta ang iyong mga minamahal. Ang ilang mga halimbawa kung saan ang kita ay maaaring mas mataas ay kung sila o ang kanilang asawa ay:
  - —Nagbibigay-suporta sa ibang mga kapamilya na nakatira kasama nila;
  - —May mga kita mula sa trabaho; o
  - —Nakatira sa Alaska o Hawaii; at
- Ang pera/ari-arian ay limitado sa $11,990 para sa isang tao o $23,970 para sa mag-asawa na magkasamang naninirahan. Kabilang sa pera/ari-arian ang mga bagay tulad ng mga account sa bangko, stocks at bonds. **Hindi** namin itinuturing na pera/ari-arian ang kanilang tahanan at sasakyan.

## Panimula

Mabibigyan ka ng Social Security ng aplikasyon na iyong makukumpleto upang matulungan ang mga benepisyaryo ng Medicare na mag-apply para sa karagdagang tulong. Ang worksheet sa susunod na pahina ay makakatulong sa iyo sa pagtulong mo sa kanilang kumpletuhin ang aplikasyon para sa karagdagang tulong. Ang worksheet ay **hindi** aplikasyon.

Tanungin kung sino man ang iyong tinutulungan na:

- Ituro ang mga bagay na kanilang sariling pag-aari, kasama ang kanilang asawa o ibang tao. Hindi dapat nila isama ang kanilang tahanan, mga sasakyan, libingan o personal na kagamitan.
- Repasuhin lahat ng kanilang kita.
- Pagsama-samahin ang kanilang mga talaan nang maaga upang makatipid sa oras.

## Mga dokumento na makakatulong sa iyo na maghanda bago ka mag-umpisa para sa iyong tinutulungan ay

- Mga statement na nagpapakita ng iyong balanse sa account sa mga bangko, mga credit union o ibang mga institusyon ng pananalapi;
- Mga statement ukol sa investment (pamumuhunan);
- Mga statement ng polisa para sa life insurance (seguro sa buhay);
- Mga sertipiko ng stock;
- Mga tax return;
- Mga sulat tungkol sa paggawad ng pensiyon; at
- Mga payroll slip

## Maaaring makatulong ang mga ahensiya ng estado sa gastusin sa Medicare

Ang mga Medicare Savings Programs ay nakakatulong sa mga taong may limitadong kita na magbayad sa kanilang gastusin sa Medicare. Kung ang iyong tinutulungan ay nagbabayad ng premium para sa Medicare Part A, ang Medicare Savings Program ay maaaring magbayad nito para sa kanila. Ang tulong na makukuha nila mula sa Medicare Savings Programs ay magbibigay ng mahigit na $1,100 na katipiran bawat taon.

Kung sa tingin mo ay maaari silang makakuha ng tulong mula sa kanilang Estado para sa gastusin sa Medicare o kung hindi ka sigurado, tawagan ang opisina ng medical assistance (Medicaid) ng kanilang Estado o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa **1-877-486-2048**.

| Pera/Mga Pag-aari | Halaga |
|---|---|
| Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga sertipiko ng deposit | $ ____________________ |
| Stocks, bonds, savings bonds, mutual funds, mga indibiduwal na account ng pagreretiro (mga IRA) o ibang mga investment (pamumuhunan) | $ ____________________ |
| Pera sa tahanan o kahit saang lugar | $ ____________________ |
| Mga polisa para sa life insurance para sa aplikante (at asawa niya, kung kasal at magkasamang naninirahan) | $ ____________________ |
| ***PAUNAWA:*** *Kailangang malaman ng Social Security kung gaano karaming pera ang makukuha ng aplikante o ng kaniyang asawa* ***kung kinuha nila ngayon (cash in) ang kanilang polisa sa life insurance ngayon****. Sabihan sila na tanungin ang kanilang kompaniya ng seguro o ahente upang makuha ang wastong halaga nito sa pera. Maaaring mas kaunti ito kaysa sa halaga para kung saan sila ay naka-seguro.* | |
| Alinmang ibang real estate maliban sa iyong tahanan | $ ____________________ |

| Kita | Buwanang Halaga |
|---|---|
| Mga benepisyo sa Social Security | $ ____________________ |
| Mga benepisyo sa Railroad Retirement | $ ____________________ |
| Veterans benefits | $ ____________________ |
| Iba pang mga pensiyon o annuities | $ ____________________ |
| Alimony | $ ____________________ |
| Netong kita sa pagpapa-upa | $ ____________________ |
| Worker's compensation | $ ____________________ |
| Iba pang kita | $ ____________________ |
| Tulong mula sa ibang tao upang bayaran ang mga gastos sa tahanan, tulad ng pagkain, mortgage o renta, heating fuel o gas, koryente, tubig at mga property tax | $ ____________________ |

| | Taunang Halaga |
|---|---|
| Mga Sahod | $ ____________________ |
| Netong kita mula sa sariling pag-empleyo | $ ____________________ |

## Paano ka makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa karagdagang tulong sa gastusin sa plano ng Medicare zsa de-resetang gamot, bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**).

Maari kang makatulong sa iba na mag-apply online para sa karagdagang tulong sa ***www.socialsecurity.gov***. Upang tulungan silang mag-apply sa pamamagitan ng telepono o upang makakuha ng aplikasyon, tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) at humingi ng *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (SSA-1020). Ang mga kinatawan ng Social Security ay handang tulungan ka kompletuhin ang aplikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa plano ng Medicare sa de-resetang gamot at sa mga espesyal na panahon para sa enrollment, bisitahin ang ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**). Masasabi rin sa iyo ng Medicare ang mga ahensiya sa iyong lugar na makakatulong sa iyo sa mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10505-TL
(Help Someone Save Up To $3,600 On Prescription Drug Costs)
August 2008